


4

# EPP-HE

## Modyul 4:

### MABUTING PAG-UUGALI BILANG KASAPI NG MAG-ANAK



**EPP - HE Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Modyul 4: MABUTING PAG-UUGALI BILANG KASAPI NG MAG-ANAK  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lucille T. Ledesma

**Editor:** Jelly M. Flores

**Tagasuri:** Filip P. Cañas

**Tagaguhit:** Abegail Bongalonta-Dajac

**Tagalapat:** Abegail Bongalonta-Dajac

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas  
Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

**EPP**  
**Modyul 4:**  
**MABUTING PAG-UUGALI BILANG**  
**KASAPI NG MAG-ANAK**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahan ang bawat mag-aaral na:

1. Nasasabi ang kahalagahan ng pagpapakita ng mabuting pag-uugali bilang kasapi ng mag-anak.
2. Naipakikita ang wastong pag-uugali bilang kasapi ng mag-anak.



## ***Subukin***

Pagmasdan kung anong mabubuting pag-uugali sa isang pamilya ang ipinakikita ng mga larawan. Punan ang nawawalang titik sa mga salita.




**M \_ S A \_ \_ H \_ N**



P \_ G \_ \_ T \_ L \_ N G \_ N

**Home Economics: MABUTING  
PAG-UUGALI BILANG KASAPI NG  
MAG-ANAK**

Ang bawat pamilya ay nagnanais na maging masaya, tahimik at maunlad ang pamumuhay. Matatamo lamang ito kung magpapakita ng mabuting pag-uugali ang bawat kasapi ng mag-anak na magdudulot nang mabuting pagsasamahan, pagpapahalaga sa isa't isa at masayang mag-anak.

***Balikan***

Lagyan ng **tsek** [ / ] ang mga kanais-nais na pag-uugali ng isang kasapi ng mag-anak at **bilog** ( 0 ) kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Bugnutin
- \_\_\_\_\_ 2. Matiyaga
- \_\_\_\_\_ 3. Maayos
- \_\_\_\_\_ 4. Tamad
- \_\_\_\_\_ 5. Masipag





## ***Tuklasin***

Piliin at isulat sa patlang ang tamang salita na inilalarawan ng bawat sitwasyon.

Pagsuno

Pagpaparaya

Pagkamaunawain

Paggalang

- \_\_\_\_\_ 1. Maaaring iwasan ang pag-iingay kung may kasapi ng mag-anak na natutulog na.
- \_\_\_\_\_ 2. Habang nanunood ng telebisyon ang mga kasapi ng mag-anak, magparaya sa gustong panoorin kung may naunang nagbukas ng ibang programa.
- \_\_\_\_\_ 3. Maghintay ng pagkakataon na magsalita kung nag-uusap usap ang kasapi ng mag-anak.
- \_\_\_\_\_ 4. Habang naglalaro ang mga nakababatang kapatid at ikaw ay gumagawa ng takdang aralin, unawain sila kung maingay dahil sila ay mga bata pa.
- \_\_\_\_\_ 5. Paggawa sa nakatakda sa iyo na mga gawaing bahay na hindi kailangang utusan pa.
- \_\_\_\_\_ 6. Pagsunod sa mga patakaran sa tahanan na ipinatutupad ng mga magulang sa lahat ng kasapi ng mag-anak.
- \_\_\_\_\_ 7. Kung may pagkain na hindi magkakasya sa lahat ng magkakapatid, magparaya sa iba pang kapatid.



## *Suriin*

### **MABUTING PAG-UUGALI BILANG KASAPI NG MAG-ANAK:**

- A. Oras ng pag-uwi pagkatapos ng klase** - mahalaga na ipaalam sa magulang at iba pang kasapi ng mag-anak ang iskedyul ng klase lalong-lalo na ang oras ng simula at tapos ng pagpasok sa paaralan. Sa ganitong paraan, alam ng mga kasapi ng mag-anak kung anong oras ang dating mo sa bahay at anong oras ka hihintayin.



- B. Uri ng kaibigang sasamahan** - Marapat lamang na ang iyong mga kaibigan ay kakilala ng mga kasapi ng mag-anak. Mahalaga ito upang pagdating ng panahon ay makapagsasabi o mapagtatanungan tungkol sa iyo kung magkakaroon ka ng problema. Mahalaga rin ito upang malaman ng kasapi ng mag-anak ang uri ng mga kaibigan na sinasamahan mo.



**C. Mga paraan ng pagpapakita ng paggalang** - maipapakita ang paggalang sa lahat ng pagkakataon at pakikitungo sa kapwa tulad ng mga sumusunod:


- Paggamit ng po at opo sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda.
- Pagpila sa kantina at pagkuha ng tubig.
- Buong puso na pagmamalaki at pag-awit ng Pambansang Awit.
- Pagmamano sa mga magulang bago umalis at pagdating sa bahay.
- Paghihintay ng pagkakataon na magsalita kung may nag-uusap-usap.



**D. Pagtupad sa gawaing bahay** - Ang pagtupad sa mga nakatakda sa iyo na mga gawaing bahay ay mahalaga.

Kinakailangang gampanan o sundin ang nakatakda mong gawain upang maiwasan ang pagkakaroon ng problema sa mga kasapi ng mag-anak. Ang hindi pagtupad nito ay isa sa mga dahilan kung bakit nagkakaroon ng suliranin ang mag-anak. Ang pagtupad sa nakatakdang gawaing bahay ay nagdudulot ng kaginhawaan at mabuting pagsasamahan ng bawat kasapi ng mag-anak.





## ***Pagyamanin***

Ano-ano ang naidudulot sa pagpapakita ng mabubuting pag-uugali ng mag-anak?

Buuin ang salita o mga salita.

1. ma ya sa = \_\_\_\_\_

2. mik ta hi = \_\_\_\_\_

3. na haymumupa ladmaun = \_\_\_\_\_



## ***Isaisip***

Paano mo maipapakita ang mabuting pag-uugali bilang kasapi ng mag-anak?

Masasabi mo ba ang kahalagahan ng pagpapakita ng mabuting pag-uugali bilang kasapi ng mag-anak?



## ***Isagawa***

Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ang pangungusap ay nagpapakita ng wastong pag-uugali sa tahanan, bilang kasapi ng mag-anak:

- \_\_\_\_ 1. Pagmamano sa magulang pag-alis at pagdating sa bahay.
- \_\_\_\_ 2. Pagkain ng matatamis na pagkain.
- \_\_\_\_ 3. Pagsunod sa mga batas trapiko.
- \_\_\_\_ 4. Pag-aalaga sa mga nakababatang kapatid.
- \_\_\_\_ 5. Pag-ganap ng mga naka-atang na tungkulin sa tahanan.
- \_\_\_\_ 6. Pagsunod sa mga alituntunin sa tahanan.
- \_\_\_\_ 7. Pakikipaglaro sa mga kaibigan sa libreng oras.
- \_\_\_\_ 8. Pagpaparaya sa isa't isa.
- \_\_\_\_ 9. Pagbibigay halaga sa bawat kasapi ng pamilya.
- \_\_\_\_ 10. Paliligo araw-araw.



## **Tayahin**

Lagyan ng tsek ( / ) ang gawaing magpapabuti sa samahan ng mag-anak at ekis ( X ) kung hindi:

- \_\_\_\_\_ 1. Pagsunod sa utos ng nakatatanda.
- \_\_\_\_\_ 2. Pagtulong sa paglilinis ng tahanan.
- \_\_\_\_\_ 3. Paggamit ng po at opo.
- \_\_\_\_\_ 4. Pagbati sa kaarawan ng magulang at mga kapatid.
- \_\_\_\_\_ 5. Pagbubukas ng sulat ng ibang kasapi ng mag-anak.
- \_\_\_\_\_ 6. Pag-aayos ng gamit ng nakababatang kapatid.
- \_\_\_\_\_ 7. Pagsasagawa ng mga iniuutos na gawain.
- \_\_\_\_\_ 8. Paggawa ng kusang loob sa mga gawaing bahay.
- \_\_\_\_\_ 9. Pagtulong sa pag-aayos ng paligid.
- \_\_\_\_\_ 10. Paggamit ng gamit ng iba kung kailangan kahit di nila alam.





## ***Karagdagang Gawain***

Itala ang tatlong mabubuting pag-uugali ni tatay, nanay, at mga kapatid bilang kasapi ng mag-anak.



1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_



1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_



1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_



## Susi sa Pagwawasto

**TUKLASIN**

1. Paggalang
2. Pagpaparaya
3. Paggalang
4. Pagkamaunawain
5. Pagsunod
6. Pagsunod
7. Pagpaparaya

**BALIKAN**

1. 0
2. /
3. /
4. 0
5. /






**SUBUKIN**

MASAYAHIN  
PAGTUTULUNGAN

**TAYAHIN**

1. /
2. /
3. /
4. /
5. X
6. /
7. /
8. /
9. /
10. X

**ISAGAWA**

1.  6.
2.  7.
3.  8.
4.  9.
5.  10.

**PAGYAMANIN**

1. masaya
2. tahimik
3. Maunlad na pamunhaya

## ***Sanggunian:***

*Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera.*  
2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4.* Pasig City:  
Vibal Group, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)